

DEKLARASYON TUGUEGARAO SA GAMUTANG PILIPINO

Ika-22 ng Nobyembre 2019, sa okasyon ng Pista ng Gamutang Pilipino 2
CAGAYAN STATE UNIVERSITY, CARIG, TUGUEGARAO, CAGAYAN

Tayo, **mga Pilipinong manggagamot** na nagtipon sa Lungsod ng Tuguegarao, ika-22 ng Nobyembre, taong 2019, kasama ang iba pa nating mga kapwa manggagawang pangkalusugan sa bansa:

- Mga mangngagas, manguru, managtambal, manulu, manggagamot, parabulong, manugbulong, mananambal, tambalan, mangungubat, pamomolong, taligamot, kurandero;
- Mga mumbaki, babaylan, binungbungang babaylan, balyan, manpokus, mangangalap, magtatawal, mangagon, gemot, pegkamal sa kapenggagamot, libun mulung, libun mewa nga, libun tamlo loos, gmemalung, at iba pang mga katutubong manggagamot;
- Mga hilot, mangilot, mangilu, manilot, manghihilot, parahilot, manughilot, hilotan, tagappiyat, mamaanak, mananabang, manaram, panday, paltera, subandero, albularyo, herbalista, mediko, surhano, espiritista, spiritual healer, faith healer, massage therapist, herbalist, at iba pang mga tradisyonal at alternatibong Pilipinong manggagamot;
- Mga barangay health worker, barangay nutrition scholar, community health worker, village health volunteer, at iba pang mga manggagawang pangkalusugan ng komunidad;
- Mga dentista, doktor, komadrona, nars, nutritionist, pharmacist, physical therapist, at iba pang mga mainstream healthcare practitioner;
- Mga acupuncturist, chiropractor, homeopath, naturopath, osteopath, at iba pang mga traditional and alternative healthcare practitioner;
- Mga complementary healthcare practitioner;
- Mga integrative healthcare practitioner;
- Mga manlulunas, manghihilom, manlulusog; at
- Mga karaniwang mamamayan;

Ay samasamang nagpapahiwatig ng ating paninindigan para sa isang makabuluhan at responsibong Gamutang Pilipino na ginagabayan ng mga sumusunod na **prinsipyo**:

- Ang pag-iwas sa pagkakasakit at pagpapanatili ng **kalusugan** ang pangunahin nating gawain bilang manggagamot;
- Sa pagkakasakit, ang ating katawan ay may likas na kakayahang magpagaling ng sarili, samantalang kung kailangan ang karagdagang lunas, gawing makatuwiran ang paggamit (o magkasanib na paggamit) ng mga katutubo at banyagang **panggagamot na angkop - may kalidad, ligtas, mabisa o kapakipakinabang, abotkaya at abotkamay, hiyang, at tanggap** - maging ito man ay tradisyonal o makabago;
- Mahalaga ang **pagkakaugnay ng katawan, isip, at kalooban** upang makamit ang buong kalusugan;
- Ang mainam na kalusugan ay bunga ng **magandang ugnayan sa ibang tao**, sa lahat ng iba pang nilalang, at sa Maykapal;
- May ganap na kalusugan kung may **malusog na kalikasan, mapagkalingang kulturangbayan, at mga makatarungang institusyong pantao**, maging ito man ay pampulitika, pangkabuhayan, o panlipunan;

- Ang **pananaliksik** at dokumentasyon ay esensiyal sa pagpapaunlad ng Gamutang Pilipino;
- Ang Gamutang Pilipino ay maraming anyo, bilang **paggalang sa maraming kontekstong kultural** ng bansa;
- Malayang **pumili ang bawat mamamayan ng mabuting manggagamot** na nais niyang maglingkod sa kanya;
- Ang isang **mabuting manggagamot** ay may magandang loob, mapagpakumbaba, mapagmalasakit, palaaral, mapanuri, at ginagawang serbisyo ang panggagamot;
- Ang kalusugan ay **karapatan** ng bawat mamamayan habang mayroon din siyang **responsibilidad** na pangalagaan ang kalusugan ng sarili, pamilya, at pamayanan; at
- Ang **sustenableng pagpapaunlad ng kalusugan** ay makakamit sa mahigpit na kolaborasyon ng mga mamamayan at komunidad, ng mga manggagamot, ng mga mananaliksik at akademya, ng makabayang industriya, ng civil society, at ng pamahalaan;

At nagkakaisang naninindigan din ng **aktibong pagkilos** upang makamit ang magandang kalusugan at maginhawang buhay na minimithi ng bawat Pilipino.

Kalusugan para sa lahat, katuwang ang lahat.

Batay sa mga bahaginan ng mga **katutubong manggagamot** na nagtipon sa unang pista ng Gamutang Pilipino (*Pista ng Paggagamutang Pilipino*) sa Lungsod ng Davao, ika-21 ng Nobyembre 2018; sa mga sumunod na bahaginan ng mga **manggagawang pangkalusugan ng komunidad (CHW)** sa Tanay Rizal, Gabaldon Nueva Ecija, at Guiuan Eastern Samar; ng mga **lider ng komunidad** ng Gabaldon Nueva Ecija, Pasig Metro Manila, Montalban Rizal, Taytay Rizal, Jalajala Rizal, at Binan Laguna; ng mga **barangay health worker (BHW)** ng Atimonan Quezon; ng mga dumalong **mananaliksik pangkalusugan** sa PNHRs conference sa Lungsod ng Cagayan de Oro; ng mga **mag-aaral ng medisina** ng University of the East; ng mga **health and development worker** ng Aralan ng Gamutang Pilipino, INAM Philippines, NADA Philippines, Tambalista, at Taskforce Gamutang Pilipino; ng mga **lider pangkalusugan** (Prof Eufrazio Abaya, Bapa Abraham Abdulla, Gng Josie Abuque, Ms Josefa Ancheta, Prof Analiza Bais, Dr Dennis Batangan, Prof Ruth S Batani, G Rostom Bornea, Gng Elia Capeon, Bapa Benny Capuno, Gng Marivic Capuno, Dr Ruben Caragay, Dr Fortunato Cristobal, Dr Lourdes Cruz, Dr Marita B Dantes, Dr Annabelle P de Guzman, G Josue de Guia, Dr Lilian de las Llagas, G Diego Donig, Dr Jaime Galvez Tan, Dr Maria Lourdes dP Garcia, Dr Ricardo S Guanzon, Dr Ryan Guinanan, Prof Marie-Sol Hidalgo, Prof Arthur Ibanez, Prof Lea Igaya, Dr Eduardo Janairo, G Julio Kinomon, Dr Hilton Lam, Dr Gideon Lasco, Prof Miriam Macutay, Prof Josel B Mansueto, Ms Mylene B Marco, Dr Marilyn Martinez, Prof Rudolf Cymorr Kirby P Martinez, Dr Jaime C Montoya, Atty Jose Ochave, Ms Merle Opena, Prof Nenita Panaligan, Ms Francia Paor, Ms Janet Paredes, Bb Erlene Parungao, Mr Rolando Pillas, G Christopher Planas, Prof John Joseph Posadas, Gng Myrna Pula, G Dempster Samarista, G Osias Sawit, Dr Isidro C Sia, Dr Helen Sigua, Prof Nymia P Simbulan, Ms Anicia O Sollestre, Ms Aster Lynn D Sur, Dr Chochiong Tan, Dr Michael L Tan, Dr Urdujah A Tejada, Gng Alicia Teves, Ms Maria Luisa O Tinga, G Junel Tomaroy, G Daniel Torres, Ms Florentina O Urag, Gng Myrna Velasco, G Menandro Verana, at Dr Alejandro G Villamil), bukod sa maraming iba pang **manggagawa at lider pangkalusugan**; at sa bahaginan ng mga nagtipon na **samu't saring manggagamot** sa *Pista ng Gamutang Pilipino 2* sa Lungsod ng Tuguegarao, ika-22 ng Nobyembre 2019.

Para po sa mga tanong at mungkahi: 0917-3168908; isidrosia2000@yahoo.com